ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

PANANAW NG MGA GURO SA PAGGAMIT NG GAMIPIKASYON SA PAGTUTURO SA ASIGNATURANG FILIPINO

Erlen G. Manait
Mananaliksik, Rizal Memorial Colleges, Inc.

ABSTRACT

Tinutukan ng pag-aaral na ito ang mga pananaw at karanasan ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, na ginagabayan ng Self-Determination Theory (SDT) nina Ryan at Deci na nagbibigay-diin sa papel ng motibasyon, autonomy, competence, at relatedness sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Labindalawang (12) guro sa Filipino mula sa isang pampublikong paaralan sa Digos City na may karanasan sa paggamit ng digital na gamipikasyon ang lumahok sa pag-aaral. Gumamit ang pananaliksik ng penomenolohikal na kwalitatibong disenyo upang masusing mailarawan ang kanilang aktuwal na karanasan sa pagtuturo. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng panayam at talakayang pangkat, at sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang tematikong pagsusuri. Ipinakita ng pagsusuri ng mga tema na itinuturing ng mga guro ang gamipikasyon bilang epektibong estratehiya sa pagpapataas ng motibasyon, interes, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, gayundin sa pagpapalinaw ng pag-unawa sa mga aralin sa Filipino at paglikha ng mas interaktibo at masiglang kapaligiran sa pagkatuto. Gayunpaman, natukoy din bilang pangunahing hamon ang kakulangan sa teknolohikal na kagamitan, limitadong oras sa paghahanda ng mga aralin, kakulangan sa pormal na pagsasanay ng mga guro, at hindi pantay na akses ng mga mag-aaral sa internet at digital na aparato. Sa kabila ng mga hamong ito, ipinakita ng mga guro na ang epektibong paggamit ng gamipikasyon ay nakasalalay sa maayos na disenyo at angkop na konteksto ng pagtuturo. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pangangailangan ng sistematikong pagsasanay at institusyonal na suporta upang mapanatili at mapalakas ang epektibo at sustenableng paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

BATAYANG SALITA*: Gamipikasyon, asignaturang Filipino, pananaw ng guro, penomenolohikal na pag aaral, motibasyon ng mag-aaral, digital na estratehiya sa pagtuturo*

KABANATA I – PANIMULA

Ang mga guro ang nagpapalaganap ng impormasyon at samakatuwid ay mahalaga sa pagtataguyod ng tagumpay ng pagbabago bilang *gamified learning management system.* Napagtanto ng mga guro ang pangangailangan para sa pagganyak sa mga mag-aaral at pakikipag-ugnayan sa kanila sa collaborative learning gayundin sa *conventional teaching settings*. Alinsunod dito, ang mga tagapagturo ay iminungkahi ang pagpapakilala ng mga elemento ng laro sa pag-aaral sa pagtatangkang mapahusay ang motibasyon, pakikipagtulungan, at kumbensiyonal na pagtuturo.

Kapansin-pansin ang pag-usbong ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon. Isa sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro ay gamification, o ang paggamit ng mga elemento sa proseso ng pagkatuto. Sa pagtuturo ng mga asignatura sa agham, matematika at usaping pangwika – kadalasang hinaharap ng hamon sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral. Sa isang pag-aaral sa Spain nina Egea-Vivanos at Arias-Ferrer (2021), ang gamification ay nagbibigay ng panibagong anyo ng pagtuturo na nagtataguyod ng aktibong partisipasyon, mataas na motibasyon, at malalim na pag-unawa sa aralin. Sa pamamagitan ng mga teknik tulad ng pagkakaloob ng puntos, pagkakaroon ng gantimpala, at pagbibigay ng mga leaderboard, magiging kawili-wili ang karanasan sa klase.

Sa ginawang pag-aaral nina Liebnis at Karani (2025), sa bansang India, bagama't may mga pag-aaral hinggil sa gamification, nanatili pa ring limitado ang pananaliksik at lumilitaw na nangangailangan pa rin ng masusing pag-aaral na higit na angkop sa lokal na konteksto. Isang pag-aaral na tutukoy sa mga epektibong paraan ng paggamit ng gamification sa pagtuturo sa batayang edukasyon.

Ang persepsyon ng mga guro sa gamipikasyon ay mahalaga sa pagpapatupad ng mga pamamaraan nito sa pag-aaral. Ilang pag-aaral ang isinagawa upang siyasatin ang saloobin at pananaw ng mga guro sa pag-aaral na nakabatay sa laro. Sa naging pag-aaral nina Demirbilek at Alzouebi (2022), ang opinyon ng mga guro tungkol sa paggamit ng digital games sa pag-aaral. Natuklasan ng mga guro sa Turkey at United Arab Emirates na ang mga guro ay may positibong pananaw sa paggamit ng mga digital na laro sa pag-aaral.

Sa Pilipinas, partikular sa Dagupan, mula sa naging pag-aaral ni Soriano (2024), sa proseso ng gamipikasyon ay makikita ang layunin nitong makapagturo ng kasanayang may kawilihan at pagtamo ng pagkatuto na naaayon sa tamang proseso at pinaghandaan tungo sa isang komunikatibong pagkatuto. Isang malaking hamon sa bawat guro ang maging malikhain sa pagtuturo, sapagkat kailangang malawak ang kaalaman kung paano magtuuro at hikayatin ang mag-aaral upang lumahok sa talakayan at matuto. Kaya naman mahalaga na magkaroon ng kamalayan at kaalaman ang isang tagapagturo kung paano itututuro ang isang aralin at gagawing mabisa ang bawat pagkatuto.

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, hindi naitatangi ang naging performance ng mga mag-aaral, lalo na sa usapin ng pag-unawa at sa kanilang pakikilahok sa loob ng klase. Sa isang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pag-aaral na isinagawa nina Palma at Tubo (2019), sinuri nila ang komprehensyon ng mga mag-aaral ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. Makikita na ang mga mag-aaral ay may kahinaang nakikita sa kanilang komprehensyon at akademikong performance. Mula sa naging pag-aaral, ginamit ang eksperimental na pag-aaral upang masuri ang pagkatuto ng mga-aaral gamit ang makabagong gamification bilang instruksyonal na paraan ng pagtuturo.

Katulad ng pag-aaral na ginawa nina Garde & Mangindra (2025) sa Bamban, Isulan, Sultan Kudarat, sa pagsusulat ng mga mag-aaral ng kanilang gawaing pananaliksik. Lumabas sa kanilang pag-aaral ang paggamit ng gamification bilang lunsaran ng kanilang aralin sa pag-aaral. Makikita mula sa naging pag-aaral ang kahirapan ng mag-aaral sa pagsusulat ng gawaing pananaliksik. Bilang tugon sa suliraning ito, ginamit ang gamification bilang pantulong sa pagtuturo, bilang motibasyon at pagpapadali ng pag-unawa sa mga mag-aaral sa kanilang aralin.

Sa lokal na konteksto, batay sa mga guro ng Digos City National High School, sinabi na may mga guro sa asignaturang Filipino ang nahihirapan sa paggamit ng gamipikasyon. Kaugnay nito, lumikha ito ng pagsubok sa mga guro sa asignaturang Filipino na tugunan ang isyu sa paggamit ng teknolohiya sa pagtugon sa pangangailangan at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, mayroon pa ring mga guro na may kahusayan sa pagtuturo at pagpapaunlad sa paggamit ng gamipikasyon. Ang tropikong ito ay kabilang sa seryosong usapin na nangangailangan ng pagtugon, sapagkat mahalaga ito lalong-lalo na sa mga guro.

Bagama't inilahad sa ilang pag-aaral ang epekto at hamon sa paggamit ng gamification, ay hindi pa rin sapat ang mga pag-aaral na nagpapakita ng direktang ugnayan sa aktwal na pagkatuto at pag-unlad sa kasanayang pangwika.Dagdag pa rito, hindi gaanong nabibigyang-pansin ang pananaw ng mga guro sa implementasyon ng gamification, partikular sa pampublikong paaralan na maaaring limitado ang akses sa teknolohiya at pagsasanay. Nilalayon ng pananaliksik na punuin ang umiiral na puwang sa literatura sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa aplikasyon ng gamification sa pagtuturo ng Filipino.

REBYU NG MAKABULUHANG LITERATURA

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa kahalagahan ng gamipikasyon sa makabagong edukasyon bilang paraan upang gawing mas interaktibo at kapana-panabik ang pagkatuto, partikular sa asignaturang Filipino. Nilalaman nito ang mga kaugnay na literatura, konsepto, teorya, at naunang pag-aaral na sumusuporta sa pagsusuri ng pananaw ng mga guro hinggil sa paggamit ng gamipikasyon. Layunin nitong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa paksa sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng umiiral na mga pag-aaral, upang makalikha ng mahahalagang ideya at impormasyong makatutulong sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino.

Gamipikasyon

Ang gamipikasyon ay nagiging mahalagang estratehiya sa pagtuturo lalo na sa mga mag-aaral sa sekundaryang paaralan na itinuturing na digital natives, kung saan hindi na sapat ang tradisyunal na pagpapasa ng impormasyon upang maging epektibo ang pagkatuto (Lo et al., 2025). Gayunpaman, may kakulangan pa rin sa ugnayan ng teorya at praktika sa larangang ito dahil hindi pa lubusang nasusubok ang mga teorya sa paraang empirikal. Ipinapakita rin na kung hindi maisasama ang gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, maaaring humantong ito sa mababang pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang paggamit ng gamified na pagkatuto bilang estratehiya ay nakikitang epektibo ng mga guro upang mahikayat ang mga hindi aktibong mag-aaral at mapataas ang kanilang partisipasyon (Joaquin, 2025).

Edukasyunal na Gamipikasyon. Ang edukasyonal na gamipikasyon ay nagsisilbing epektibong kasangkapan sa pagkatuto na tumutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang layunin ng kanilang mga gawain at makamit ang inaasahang kasanayan (Allman et al., 2023). Ipinapakita rin na ang gamification ay patuloy na umuunlad at ginagamit sa iba't ibang antas ng edukasyon, kabilang ang K-12 at mataas na edukasyon, lalo na sa sekundaryang paaralan. Sa asignaturang Filipino, nagsisilbi itong makabagong estratehiya na nagpapalipat mula sa tradisyunal tungo sa pedagohiyang nakatuon sa mag-aaral. Dagdag pa rito, ang mga maayos na dinisenyong edukasyonal na laro ay nakatutulong sa pagpapataas ng motibasyon, pakikilahok, at pagtitiyaga ng mga mag-aaral habang nag-aalok ng bagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto (Kimmons & Resenberg, 2022).

Mga Ginagamit na gamipikasyon sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Ang game-based learning ay isang epektibong paraan ng pagkatuto kung saan ginagamit ang digital at non-digital na mga laro upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, at napatunayang nakapagpapabuti ng resulta ng edukasyon (Kula, 2021). Sa prosesong ito, napapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral, nahahasa ang kanilang kakayahan sa paggawa ng desisyon, at napauunlad ang kanilang pakikipag-ugnayan at kasanayang panlipunan. Bukod dito, ang paggamit ng mga edukasyonal na laro tulad ng Kahoot! ay nagpapalakas ng aktibong pakikilahok, interes, at kasiyahan sa pag-aaral (Altawalbeh at Irwanto, 2023). Ipinakita rin sa iba't ibang pag-aaral na pinapataas nito ang motibasyon, pag-unawa, at pakikilahok ng mga mag-aaral (Pia, 2025; Parra-Santos et al., 2020), tumutulong sa pagpapahayag ng kanilang pananaw at pagpapanatili ng atensyon sa klase (Alajar, 2025), at nagbibigay ng agarang feedback at interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral (Nkhoma et al., 2020). Dagdag pa rito, ang maayos na disenyo at team-based na paggamit ng Kahoot! ay higit pang nagpapahusay sa pagkatuto at kolaborasyon ng mga mag-aaral (Añora et al., 2025).

Ang mga digital na kasangkapan tulad ng Quizlet at Quizizz ay itinuturing na epektibo sa pagpapalakas, rebisyon, at pagsasanay ng mga aralin, lalo na sa pagkatuto ng bokabularyo at iba pang konsepto sa asignaturang Filipino (Waluyo & Bucol, 2021; Sari, 2019; Muthumaniraja, 2020). Ipinapakita rin na ang Quizizz ay lumilikha ng interaktibo at nakakaengganyong kapaligiran na nagpapataas ng motibasyon at pokus ng mga mag-aaral (Handoko et al., 2020; Irwansyah &

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Izzati, 2021), habang ang mga online quiz platforms ay nagbibigay ng agarang feedback at nagpapahusay ng pakikilahok (Moldez et al., 2024). Bukod dito, ang mga interactive e-learning tools tulad ng Raptivity, ClassPoint, at Wordwall ay nagtataguyod ng masaya at personalisadong karanasan sa pagkatuto na naaayon sa pangangailangan at estilo ng mga mag-aaral (El-Sabagh & Hamed, 2020; Hussein & Al-Chalabi, 2020), at nagbibigay sa mga guro ng makabagong paraan sa pagtataya at pagsusulit (Felonia, 2021).

Ipinapakita ng iba't ibang pag-aaral na ang gamipikasyon ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Afandi at Feranty (2023), ang *word puzzle games* ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo kumpara sa tradisyunal na paraan. Sinusuportahan ito nina Anisa et al. (2020) at Hoe et al. (2021) na nagsasabing ang mga laro ay nakatutulong sa paglipat mula sa guro-sentrik tungo sa mag-aaral-sentrik na pagkatuto at nagpapalakas ng kaalaman, kasanayan, at positibong asal. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Alzahrani at Alhalafawy (2022) at Demirbilek at Alzouebi (2022) na ang paggamit ng teknolohiya at gamification ay nagpapataas ng interaksyon, motibasyon, at sosyal na kasanayan ng mga mag-aaral. Ayon kina Ilhan (2025) at Zsoldos-Marchis (2020), ang gamification ay nakapagpapataas ng interes, partisipasyon, at motibasyon, habang pinatunayan ni Gini (2025) na ito ay may positibong epekto sa akademikong pagganap.

Gayunpaman, may mga hamon sa implementasyon ng gamipikasyon sa edukasyon. Ayon kina Araujo at Carvalho (2022) at Hebert et al. (2021), ang kakulangan sa oras, teknolohikal na kagamitan, akses sa internet, at pinansyal na suporta ay pangunahing hadlang. Dagdag pa rito, natuklasan nina Hanus at Fox (2021) na maaaring bumaba ang motibasyon kung hindi angkop ang disenyo ng gamification sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Binigyang-diin nina Baraa at Watted (2024) at Pacturan et al. (2024) ang kahalagahan ng paghahanda ng mga guro at pag-unawa sa pedagogiya upang maging epektibo ang paggamit nito. Ayon kina Vargas-Macias et al. (2020), Argenal et al. (2023), at Aranas et al. (2025), mahalaga ang tamang pagpili ng plataporma, maayos na pagpaplano ng mga aktibidad, at paghahanda sa paggamit ng mga laro upang matiyak ang matagumpay at makabuluhang implementasyon ng gamification sa edukasyon.

Ang Epekto ng Gamipikasyon

Ang kakulangan sa sapat at maayos na internet at teknolohikal na imprastruktura ay nagdudulot ng malalaking hamon sa pagpapatupad ng gamipikasyon sa edukasyon, kabilang ang limitadong akses, kakulangan sa kagamitan, at pangangailangan ng maayos na gabay sa pagtuturo (Dicheva et al., 2019). Bukod dito, ang mga usapin sa pagsukat at pagkolekta ng datos ay nagiging hadlang din sa epektibong disenyo ng gamified na mga aktibidad (Mora et al., 2020), habang ang mabilis na pagbabago sa digital na teknolohiya ay patuloy na nakaaapekto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Anjomshoaa et al., 2022). Ipinapakita rin sa mga pag-aaral na may mga praktikal na suliranin tulad ng kaguluhan sa silid-aralan, kakulangan sa angkop na software at materyales sa katutubong wika, at iba't ibang teknikal, pedagogikal, at pinansyal na hadlang na nagpapabagal sa implementasyon ng gamipikasyon (Saal, 2025). Dagdag pa rito, may mga hamon sa motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral, kabilang ang hindi pantay na epekto ng gamipikasyon, posibleng pagkawala ng interes sa paglipas ng panahon, at negatibong implikasyon ng paggamit ng gantimpala sa intrinsikong motibasyon (Ebadi et al., 2021; Acosta-Medina et al., 2020). Sa kabuuan, bagama't may potensyal ang gamipikasyon, nangangailangan ito ng sapat na kaalaman, paghahanda, at suporta upang maging matagumpay sa edukasyon.

Ang Asignaturang Filipino sa Gamipikasyon. Ang mga guro sa sekundaryang paaralan ay nangangailangan ng sapat na suporta, kaalaman, at kasangkapan upang mapalakas ang motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagitan ng gamipikasyon. Ipinapakita na may kakulangan pa sa mga pag-aaral hinggil sa pananaw ng mga guro tungkol sa paggamit nito, kahit na napatunayang nakatutulong ang gamipikasyon sa pagpapabuti ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino (Beemer et al., 2019). Mahalaga rin ang pananaw ng mga guro sa pagpapasya kung gagamitin ang gamipikasyon, dahil isinasaalang-alang nila ang mga salik tulad ng antas ng kahirapan ng gawain, pagkakahanay sa layunin ng pagkatuto, epekto sa akademikong pagganap, at gastos ng mga kagamitan. Dagdag pa rito, ang mga pananaw na ito ay may malaking papel sa pagpili ng angkop na teknolohiya at sa paghubog ng mga estratehiyang magpapataas ng pakikilahok ng mga mag-aaral (Park at Kim, 2021).

Ang Multimidya sa Edukasyon. Sa kasalukuyang panahon, mas pinahahalagahan ng mga estudyante at guro ang biswal na presentasyon at teknolohiyang pang-edukasyon, dahil ipinapakita nitong nakapagpapataas ng antas ng pagkatuto kapag may integrasyon ng video at iba pang teknolohiya sa pagtuturo (Jones & Cuthrell, 2021). Gayunpaman, ipinapakita rin sa mga pag-aaral na maraming guro ang nag-aalinlangan sa paggamit ng video games at gamipikasyon bilang pangunahing aktibidad sa silid-aralan, lalo na kung kulang ang karanasan sa laro, kakulangan ng oras, materyales, o pagsasanay (Pozo et al., 2022; Arciaga, 2025). Mahalagang isaalang-alang ang angkop na paksa at pagkakatugma ng mga aktibidad ng gamipikasyon sa kurikulum upang maging epektibo ang implementasyon (Vitoria-Marcelino, 2024; Zainuddin et al., 2020). Bukod dito, ang regular na pagsasanay, oryentasyon, at suporta mula sa pamunuan ng paaralan, kabilang ang mga espesyal na Teacher Training Programmes, ay kritikal upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at matiyak ang tagumpay ng gamipikasyon, partikular sa mahihirap na asignatura tulad ng gramatika.

Hadlang sa Paggamit ng Gamipikasyon sa K-12. Ang pananaw ng mga guro sa asignaturang Filipino sa sekundaryang paaralan ay kritikal sa paggamit ng gamipikasyon bilang estratehiya sa pagtuturo, ngunit may pag-aatubili dulot ng maling pag-unawa sa konsepto, kakulangan sa kaalaman, at takot sa epekto nito sa atensiyon at kasanayan ng mga estudyante (Catanes, 2025; Hebert et al., 2021). Bagama't ipinapakita ng mga mag-aaral ang mataas na motibasyon at pagkatuto sa gamified learning activities (Sanchez-Mena & Marti-Parreno, 2020), may mga hadlang sa implementasyon tulad ng limitadong oras sa pagpaplano, kakulangan ng suporta

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

sa teknolohiya, hindi pagtangkilik ng estudyante, at hindi pagkakatugma sa layunin ng pagtuturo (Obara et al., 2020; Kokandy, 2021). Gayunpaman, ipinapakita rin na ang gamification ay nakapagpapalakas ng kumpiyansa, pakiramdam ng kontrol, at pakikilahok ng mga estudyante sa pamamagitan ng personalisasyon, leaderboard, at premyo, na nagbibigay-daan sa mas mataas na engagement at motibasyon sa pagkatuto (Puritat, 2019; Khoshkangini et al., 2021).

KABANATA II: PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pangunahing konsiderasyon at pananaw ng mga guro hinggil sa paggamit ng gamipikasyon bilang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Layunin nitong mailahad nang malinaw ang mga pananaw, karanasan, at opinyon ng mga guro tungkol sa implementasyon ng digital na laro sa silid-aralan, kabilang ang mga benepisyo, hamon, at pangangailangang teknolohikal at pedagogikal. Kasama rin dito ang etikal na pagsasaalang-alang, kahalagahan sa lipunan, at mga aspeto ng kumpidensiyalidad at proteksyon ng impormasyon ng mga kalahok, na nagsisiguro ng tapat at responsableng pangangalap at pagsusuri ng datos. Ang mga hakbang at estratehiyang ito ay isinakatuparan upang higit na maunawaan kung paano maaaring mapaunlad ng gamipikasyon ang pagkatuto, pakikilahok, at malikhaing pag-iisip ng mga estudyante sa pagtuturo ng Filipino.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay ginamitan ng penomenolohiyang disenyo ng pananaliksik. Ang penomenolohiya ay isang paraan upang ilarawan ang isang pampublikong karanasan mula sa pananaw ng mga kalahok (Bantugan, 2025). Ang disenyo ng pag-aaral ay sinadya bilang isang detalyadong sistema na bumubuo ng pananaliksik (Malhotra, 2020). Ito ay isang pangkalahatang plano kung paano sumagot ang mga mananaliksik sa mga tanong sa mananaliksik, na naglalaman ng mga mapagkukunan ng pagkolekta ng data, ang landas ng pagkolekta at pagsusuri ng data, tulad ng mga isyu sa moral at limitasyon sa lahat sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pananaliksik.

Etikal na Konsiderasyon

Ang pag-aaral na ito tungkol sa pananaw ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng Filipino ay isinagawa nang may mahigpit na pagsunod sa mga pamantayang etikal, kabilang ang paggalang sa karapatan, dignidad, at privacy ng mga kalahok, boluntaryong pakikilahok, at kumpidensiyalidad ng datos. Layunin nitong maunawaan kung paano naaangkop at epektibo ang gamipikasyon sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto, pati na rin ang paghubog ng kasanayan, interes, at malikhaing pag-iisip ng mga estudyante. Binibigyang-diin ng pananaliksik ang halaga ng suporta ng institusyon, angkop na kagamitan at pasilidad, at regular na oryentasyon para sa mga guro upang matiyak ang maayos na implementasyon ng gamipikasyon. Bukod sa pagpapabuti ng pagtuturo, inaasahang makatutulong ang resulta sa pagbuo ng makabagong estratehiya, pagpapalakas ng pedagogical skills ng mga guro, at paghubog ng mas inklusibo at epektibong sistemang pang-edukasyon na may positibong epekto sa komunidad at kultura ng Filipino. Lahat ng datos, ideya, at literatura ay ginamit nang may tamang kredito at integridad upang mapanatili ang kredibilidad ng pananaliksik.

Mga Kalahok

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pananaw ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng isang penomenolohikal na pamamaraan. Ang mga kakapanayamin ay mga guro sa asignaturang Filipino na nasa labindalawang (12) kalahok na kasalukuyang nagtuturo sa pampublikong paaralan ng Digos City National High School. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga guro ng Digos City National High School na may tatlo (3) o higit pang taon na karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at may karanasan sa paggamit ng digital na gamipikasyon. Ipinahiwatig nina Creswell at Poth (2024) na ang mga kalahok ay dapat magkaroon ng makabuluhang karanasan ng pananaliksik. Sadyang pinili ang labindalawang (12) kalahok sa asignaturang Filipino, na lahat ay nagkaroon ng karanasan sa paggamit ng *digital* na gamipikasyon, sa paraan ng pagtuturo.

Instrumento ng Pananaliksik

Gagamitin ng mananaliksik ang inihandang *self-guided questionnaire* bilang instrumento sa pangangalap ng datos. Ito ay naglalaman ng mga tanong upang makuha ang danas ng mga kalahok sa pag-aaral. Lalakipan ng mga katanungan na magbibigay ng linaw sa mga nais malaman ng mananaliksik ang isasagawang *Focus Group Discussion at In-depth Interview*. Nilalayon ng pag-aaral na ito na makamit ang mahahalagang kaisipan at ideya sa paksa. Batay sa pag-aaral nina Chand (2025), ang pinakatamang paraan sa pangangalap ng datos ay ang direktang pakikipagkomunikasyon upang makasiguro na makakakuha ng angkop na datos. Ang instrumentong gagamitin ay *semi-structured* na paraan sa pagkuha ng datos sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri o *interview* upang matukoy ang pananaw ng mga guro sa paggamit ng gamipikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng panayam at talakayang pangkat upang masusing mailarawan ang aktuwal na karanasan ng labindalawang (12) guro sa Filipino mula sa isang pampublikong paaralan sa Digos City. Ginamit ang mga bukas na tanong sa panayam upang malayang maipahayag ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan, opinyon, at pananaw hinggil sa epekto ng gamipikasyon. Ang lahat ng impormasyon ay itinala nang may buong paggalang at pananagutan, na tinitiyak ang isang ligtas at kumpidensyal na proseso para sa bawat guro.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos

Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang tematikong pagsusuri sa ilalim ng penomenolohiyang disenyo ng pananaliksik. Ang prosesong ito ay kinapapalooban ng pagbuo ng kumpletong paglalarawan ng phenomenon at pagtukoy sa mga pangunahing tema, gaya ng paggamit ng kagamitang pangteknolohikal at interes sa gamipikasyon. Tinitiyak ang kredibilidad ng data sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

talakayan kasama ang mga eksperto at mga independyenteng tagasuri upang mapanatili ang integridad ng mga resulta.

KABANATA III: RESULTA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga factual at empirikal na resulta ng pananaliksik na walang halong interpretasyon o pagsusuri. Ipinapakita rito ang mga datos na nakalap mula sa mga panayam na isinagawa sa mga gurong kalahok sa pag-aaral ukol sa kanilang karanasan sa paggamit ng gamipikasyon sa asignaturang Filipino. Ang layunin ay maipakita ang kalakasan, hamon, at makabuluhang mekanismo na lumitaw mula sa aktwal na karanasan ng mga kalahok , gamit ang Colaizzi's method sa tematikong pagsusuri ng datos.

Tema 1: Internet Koneksyon at Kagamitang Pangteknolohikal Ipinahayag ng mga guro na ang kakulangan sa maaasahang internet at teknolohikal na kagamitan ay isa sa pinakamalaking hadlang sa paggamit ng gamipikasyon. Sinabi ng isang kalahok: *"Di talaga maiiwasan ang mga hadlang habang gumagamit ng gamipikasyon kasi puwedeng maging distraktibo at mawala ang pokus ng mga estudyante sa antala ng pagkawala ng koneksyon sa internet…"* Ang obserbasyong ito ay sumusuporta sa mga resulta ng naunang pag-aaral na nagsabing ang kakulangan sa hardware, software, at pinansyal na suporta ay nagiging pangunahing balakid sa matagumpay na implementasyon. Ang temang ito ay umaayon sa natuklasan nina Alzahrani at Alhalafawy (2022) pati na nina Hebert et al. (2021) ukol sa kahalagahan ng imprastruktura.

Tema 2: Interes sa Paggamit ng Gamipikasyon Ipinunto rin ng mga guro na ang gamipikasyon ay nagbibigay-daan upang mapalakas ang pagpapahalaga at interes ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ayon sa isang kalahok: *"Malaking tulong talaga para sa akin… ang paggamit ng gamipikasyon dahil ito ay maaaring maging daan upang mapalakas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino…"* Ang obserbasyong ito ay tumutugma sa ulat nina Pia (2025) at Handoko et al. (2021) na nagpapakita na ang paggamit ng mga digital tools ay nagpapataas ng interes, motibasyon, at pag-unawa sa mga aralin.

Tema 3: Kakulangan sa Pagsasanay bilang Estruktural na Hamon Ilang guro ang nagbahagi na hindi sila sapat na nasanay sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan at madalas ay umaasa lamang sa sariling diskarte. "Wala naman akong pagsasanay na natatanggap ngunit kani-kaning strategy ng klase sa pagtuturo ay lagi namang ini-implementa sa aming paaralan… kadalasan jud ay tumitingin kami sa youtube ng mga video tutorial," banggit ng isang kalahok. Ito ay kaayon ng natuklasan nina Sailer at Homner (2020) at Zainuddin et al. (2020) na ang epektibong integrasyon ng gamification ay nakasalalay sa institutional support at teacher readiness.

Tema 4: Pag-uugnay ng Gamipikasyon sa Kurikulum at Proseso ng Aralin. Ipinahayag ng mga guro na kinakailangang iakma ang estratehiya depende sa antas ng pag-unawa at layunin ng kurikulum upang hindi mawala ang tunay na esensya ng edukasyon. Isang kalahok ang nagsabing: *"Mahalaga talaga ang tamang pagbalanse ng gamipikasyon sa pagtuturo upang hindi mawala ang pangunahing layunin ng edukasyon, na ang pagbibigay ng tamang kaalaman at kasanayan..."*. Ang temang ito ay sumusuporta sa resulta ng pananaliksik nina Hoe et al. (2021) at Pacturan et al. (2024) na nagsasabing ang gamified activities ay epektibo lamang kapag nakahanay sa pedagogical goals.

